

MGA BAKUNA

Magpainiksiyon upang manatiling malusog

Ang mga bakuna ay mga iniksiyon na tumutulong sa iyo na iwasan ang pagkakasakit

BAKIT KAILANGAN KO NG MGA BAKUNA?

Sa Estados Unidos, maraming sakit na dating lubhang nakakaapekto sa mga tao ay nawawala na. Ang isa sa mga pangunahing dahilan ay ang paggamit ng mga bakuna. Ang mga bakuna ay tumutulong na pigilan ang mga sakit na maaaring kumalat sa mga tao. Kapag kumuha ka ng mga iniksiyong kailangan mo, pinoprotektahan mo ang sarili at ang mga mahal sa buhay laban sa pagkakasakit.

PAANO GUMAGANA ANG MGA BAKUNA?

Ang isang bakuha ay ginagawa mula sa virus (tinatawag ding mikrobyo) na katulad ng nagdudulot ng sakit. Ang mikrobyong ginagamit sa paggawa ng bakuna ay "patay" na o mahina. Hindi ka magkakasakit dahil dito. Sa halip, ito ay tutulong sa iyong katawan na labanan ang mga mikrobyo at ang mga sakit na idinudulot ng mga ito.

SINO ANG NANGANGAILANGAN NG MGA BAKUNA?



MAYROON BANG MGA DI-HANGAD NA EPEKTO?

Ang ilang mga tao ay may maliliit na di-hangad na epekto pagkatapos magpainiksiyon. Ang mga ito ay mawawala sa loob ng isa o dalawang araw.




Pananakit/
Pamumula

Bahagyang
Singaw sa Balat

Banayad na Lagnat

Ang ilang mga tao ay may pambihira, masasamang di-hangad na epekto pagkatapos magpainiksiyon. Madalas, ang mga ito ay mangyayari ilang mga minuto o ilang mga oras pagkatapos magpainiksiyon.



Paghahirap sa
Paghinga

Pakiramdam ng
Pagkahilo

Singaw sa Balat/
Pangangati

Pamamaga ng
Lalamunan

ANU-ANONG MGA BAKUNA ANG KAILANGAN KO?

Ang talahanayan sa likod ay nagpapakita ng mga iniksiyon na kailangan ng mga nasa hustong gulang at bata. Ang mga nasa hustong gulang na hindi nakakuha ng lahat ng mga iniksiyon noong bata pa ay maaaring mangailangan ng mas maraming iniksiyon. Kausapin ang iyong doktor upang malaman kung anu-anong mga iniksiyon ang kailangan mo.

Pangalan ng aking doktor:

Numero ng telepono ng aking doktor:

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa:
www.vaccines.gov

Magpainiksiyon upang manatiling malusog

Magpatingin sa iyong doktor at kumuha ng anumang mga bagong iniksiyon na kailangan mo.

Ang mga iniksiyong minarkahan sa ibaba ay kailangan ni: _____
 (Pangalan) (Age)

Ang iyong susunod na pagbisita ay: _____ (am/pm) _____
 (Petsa) (Oras) (Petsa ng Kapanganakan)

Mga iniksiyonna kailangan mo	Ano ang tawag dito?	Sino ang nangangailangan nito?			Anong sakit ang tinutulungang pigilan ng iniksiyon?	Ano ang idinudulot ng sakit?
		Mga Bata* Lamang	Mga Bata at Nasa Hustong Gulang	Mga Nasa Hustong Gulang Lamang		
<input type="checkbox"/>	DTaP o Td/Tdap		X		Dipterya	Lagnat, pananakit ng lalamunan at mga ginaw
					Tetano	Masasakit na pulikat ng kalamnan at paghihirap sa paghinga o paglunok
					Pertussis	Matinding ubo at paghihirap sa paghinga, pagkain at pag-inom
<input type="checkbox"/>	Trangkaso		X		Trangkaso	Impeksyon ng ilong, lalamunan at mga бага
<input type="checkbox"/>	HepA		X		Hepatitis A	Uri ng sakit sa atay
<input type="checkbox"/>	HepB		X		Hepatitis B	Uri ng sakit sa atay
<input type="checkbox"/>	Hib		X		Haemophilus influenzae type b	Impeksyon ng linya sa paligid ng utak at gulugod
<input type="checkbox"/>	HPV		X		Kanser sa cervix	Uri ng kanser sa mga babae
					Mga kulugo sa ari	Uri ng sakit na maaaring ikalat sa pamamagitan ng pakikipagtalik
<input type="checkbox"/>	IPV	X			Polyo	Hindi maigalaw ang katawan o kung minsan ay hindi makahinga
<input type="checkbox"/>	MCV4		X		Meningococcal	Impeksyon ng linya sa paligid ng utak at gulugod
<input type="checkbox"/>	MMR		X		Tigdas	Lagnat, singaw sa balat, tumutulong ilong at ubo
					Biki	Lagnat, sakit ng ulo at pamamaga ng bahagi ng bibig na gumagawa ng laway
					Rubella	Lagnat, magang glandula, at mga singaw
<input type="checkbox"/>	PCV		X		Pneumococcal	Impeksyon ng mga бага
<input type="checkbox"/>	RV	X			Rotavirus	Lagnat, pagsusuka at pagtatae
<input type="checkbox"/>	Varicella				Bulutong-tubig	Makakating singaw sa buong katawan
<input type="checkbox"/>	Zoster			X	Buni	Masasakit na singaw at paltos sa balat

* Mga batang may edad na 0 hanggang 18

Panatiliing malusog ka at ang iyong mga mahal sa buhay. Magpainiksiyon.